Republika ng Pilipinas
Kagawaran ng Edukasyon
REHIYON VI- KANLURANG VISAYAS
**SANGAY NG LUNGSOD KABANKALAN**
Lungsod Kabankalan

*Tanggapan ng Tagapamanihala ng mga Paaralan*

Abril 14, 2021

**MEMORANDUM PANSANGAY**
Blg. 086 ,s. 2021

## PAGDIRIWANG NG TAGISAN NG TALENTO 2021

**SA MGA:** Kawaksing Tagapamanihalang Pansangay
Hepe ng CID at SGOD
Tagamasid Pampurok
Punongguro sa Pampubliko at Pribadong Paaralan
Mga Koordineytor at Kaguruan
Lahat ng Kasangkot

1. Ang Kagawaran ng Edukasyon (DepEd) sa pamamagitan ng Curriculum Implementation Division (CID) ay magsasagawa ng Birtuwal na Tagisan ng Talento 2021 bilang bahagi ng pagdiriwang ng Division Festival of Talents (DFOT) na may temang, "Edukasyon ni Juan: Tugon sa mga Hamon ng Bagong Normal" sa ika- 21 ng Mayo, 2021.

2. Layunin ng pagdiriwang ang mga sumusunod:
A .Mahikayat ang iba't ibang guro at mag- aaral na makiisa sa mga programang pampaaralan tulad nito na nagpapataas ng kamalayang pangwika, sibiko at panlipunan.
B. Magganyak ang mga mamamayang Pilipino na pahalagahan ang Wikang Filipino sa pamamagitan ng pakikilahok sa mga gawaing kaugnay ng Tagisan ng Talento; at
C. Maipakita ang iba't ibang talento ng mga mag- aaral sa bagong normal sa pamamagitan ng birtuwal na pagtatanghal.

3. Kaugnay nito, magkakaroon ng iba't ibang timpalak na gaganapin sa buong araw ng Selebrasyon na lalahukan ng limang distrito ng Sangay ng Lungsod ng Kabankalan. (Tingnan ang kalakip Blg. 2 para sa Panuntunan, Mekaniks at Kraytirya ng mga timpalak)

| BAITANG | TIMPALAK |
|---|---|
| 1-3 | Pagkukuwento |
| 4- 6 | SULKAS |
| 7- 10 | Interpretatibong Pagbasa |
| SHS | Dagliang Talumpati |
| JHS/SHS | Dokyubata |

4. Bawat distrito ay inaasahang sumali sa bawat timpalak.

Address: Tayum Street, Barangay 8, Kabankalan City, Negros Occidental
Telephone Number: 471-2004 | 471-2003
E-mail: kabankalan.city001@deped.gov.ph

5. Sa dagdag na katanungan, maaaring sumangguni sa Tanggapan ng Sangay ng Lungsod ng Kabankalan o tumawag sa numerong 4710-192.

6. Inaasahan ang maaga at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

**PORTIA M. MALLORCA, PhD. CESO V**
*Tagapamanihala ng mga Paaralan*

Address: Tayum Street, Barangay 8, Kabankalan City, Negros Occidental
Telephone Number: 471-2004 | 471-2003
E-mail: kabankalan.city001@deped.gov.ph

Republika ng Pilipinas
Kagawaran ng Edukasyon
REHIYON VI- KANLURANG VISAYAS
**SANGAY NG LUNGSOD KABANKALAN**
Lungsod Kabankalan

Kalakip Blg. 1 sa Memorandum Pansangay Blg. 086 ,s. 2021

**PAGDIRIWANG NG BIRTUWAL NA TAGISAN NG TALENTO 2021**

**MGA KOMITE**

| | |
|---|---|
| **PROGRAMA/ PAMBUNGAD NA PROGRAMA**<br><br>Chairperson:<br>*Gilbert Taclobos*<br><br>Miyembro;<br>*Jechonias Elumba* | **SERTIPIKO**<br><br>Chairperson:<br>*Jechonias Elumba*<br><br>Miyembro:<br>*Virginita Perequin*<br>*Aljun Guarin* |
| **IMBITASYON/ HURADO**<br><br>Chairperson:<br>*Cristine Joy Guanzon*<br><br>Miyembro:<br>*Ryan Noel Linas*<br>*Mike Pallermo* | **KRAYTIRYA/ MEKANIKS/ TABULATOR**<br><br>Chairperson:<br>*Edelyn Janaya*<br><br>Miyembro:<br>*Jemia Limaco*<br>*Rocelyn Dejaro* |
| **REHISTRASYON**<br><br>Chairperson:<br>*Jean Claude Amacio*<br><br>Miyembro:<br>*Rocelyn Dejaro*<br>*Junnet Hiponia* | **WAYS AND MEANS**<br><br>*Junry M. Esparar*<br>*Jenelyn T. Argamaso*<br>*PaSaGuFil* |

Address: Tayum Street, Barangay 8, Kabankalan City, Negros Occidental
Telephone Number: 471-2004 | 471-2003
E-mail: kabankalan.city001@deped.gov.ph

**MGA KOMITE SA TIMPALAK**

| | |
|---|---|
| **PAGKUKUWENTO (Baitang 1-3)**<br><br>Chairperson:<br>*Marlyn Argamaso*<br><br>Miyembro:<br>*Glorijean Gelladula*<br>*Jemia Limaco* | **INTERPRETATIBONG PAGBASA( Baitang 7-10)**<br><br>Chairperson:<br>*Irene Jez de Ortega*<br><br>Miyembro:<br>*Virginita Perequin*<br>*Asuncion Reyes* |
| **SULKAS (Baitang 4- 6)**<br><br>Chairperson:<br>*Grace Yelo*<br><br>Miyembro:<br>*Cleofe Genovia*<br>*Rechel Manlapao* | **DAGLIANG TALUMPATI (Baitang 11-12)**<br><br>Chairperson:<br>*Mary Jane Nombre*<br><br>Miyembro:<br>*Russel Tumayan*<br>*Jechonias Elumba* |
| **DOKYUBATA (Baitang 7- 12)**<br><br>Chairperson:<br>*Ryan Noel Linas*<br><br>Miyembro:<br>*Jason Bayadog*<br>*Jean Claude Amacio* | |

Republika ng Pilipinas
Kagawaran ng Edukasyon
REHIYON VI- KANLURANG VISAYAS
**SANGAY NG LUNGSOD KABANKALAN**
Lungsod Kabankalan

Kalakip Blg. 2 sa Memorandum Pansangay Blg. 086 s. 2021

**PAGDIRIWANG NG TAGISAN NG TALENTO 2021**
Mayo 21, 2021

**MGA PANUNTUNAN, MEKANIKS O KRAYTIRYA NG IBA'T IBANG TIMPALAK**

## A. PAGKUKUWENTO

| PALIGSAHAN | PANSANGAY NA TAGISAN NG TALENTO | |
|---|---|---|
| BAITANG NG MAG-AARAL | Ang mga kalahok ay binubuo ng tig- isang mag- aaral mula sa Baitang 1,2 at 3 ng paaralan sa Sangay ng Lungsod Kabankalan. | |
| KATEGORYA | PAGKUKUWENTO | |
| BILANG NG KALAHOK | 5 (Tig- isa bawat distrito) | |
| ORAS NA INILAAN | Dalawampung minuto (20) | |
| BATAYAN NG KAPASYAHAN | PAMANTAYAN | BAHAGDAN |
| | **Interpretasyon** | **40%** |
| | Pagpapalutang ng diwa (20%) | |
| | Pagbibigay diin sa damdamin (20%) | |
| | **Hikayat** | **20%** |
| | Dating sa madla (5%) | |
| | Pagbibigay buhay sa tauhan (5%) | |
| | Tindig (5%) | |
| | Kilos Pantanghalan (5%) | |
| | **Bigkas** | **20%** |
| | Mataas at maliwanag (10%) | |
| | May pagbubukod- bukod ng mga salita (10%) | |
| | **Tinig** | |
| | Lakas (5%) | |
| | Taginting (5%) | |
| | **Kaangkupan ng diwa at damdamin** | **10%** |
| | Kabuoan | **100%** |

Address: Tayum Street, Barangay 8, Kabankalan City, Negros Occidental
Telephone Number: 471-2004 | 471-2003
E-mail: kabankalan.city001@deped.gov.ph

**Patnubay sa Kalahok**

A) Isang lokal na kwento ang bibigyan ng interpretasyon.
B) Ibibigay ang kopya ng kwento isang linggo bago ang birtuwal na patimpalak.
C) Iikot ang interepretasyon sa kwento lamang.
D) Irerekord ng magulang o sinumang kasapi ng pamilya na may kakayahan sa pagrekord sa mobile device ang tagapagkwento at isusumite ang pinal na awtput sa Mayo 17, 2021.
E) Ang pagtatanghal ay hindi lalampas sa sampung minuto kasama ang pagpasok at paglabas.
F) Walang anumang props o kagamitan, musika at instrumento na gagamitin.
G) Ang kalahok ay magsusuot ng kasuotang Pilipino.

**B. SULAT AT BIGKAS NG TULA (SULKAS)**

| | | |
|---|---|---|
| **PALIGSAHAN** | **PANSANGAY NA TAGISAN NG TALENTO** | |
| **BAITANG NG MAG-AARAL** | **BAITANG 4- 6** | |
| **KATEGORYA** | **SULAT AT BIGKAS NG TULA (SULKAS)** | |
| **BILANG NG KALAHOK** | **ISA SA BAWAT DISTRITO** | |
| **ORAS NA INILAAN** | **Isang (1) oras para sa pagsusulat, tatlumpung (30) minuto sa pagrerekord** | |
| **BATAYAN NG KAPASYAHAN** | **Pamantayan** | **Bahagdan** |
| | **PAGSULAT** | **50%** |
| | **Interpretasyon ng Tula** | |
| | *Kaugnayan sa paksa (20%)* | |
| | *Organisasyon ng diwa (15%)* | |
| | *Mekaniks (15%)*<br>*Apat (4) na saknong na binubuo ng apat (4) na taludtod na may tugma* | |
| | **PAGBASA** | **50%** |
| | *Hikayat* | |
| | *Dating sa Madla (5%)* | |
| | *Kilos/ galaw/ kumpas (10%)* | |
| | *Ekspresyon ng mukha (10%)* | |
| | **Tinig at Bigkas** | |
| | *Lakas/Diin/Taginting (10%)* | |
| | *Matatas at maliwanag (10%)* | |
| | *Wastong pagbubukod ng salita (15%)* | |

| | | |
|---|---|---|
| | **Kabuoan** | **100%** |

**Patnubay sa Kalahok**

A) Ang tulang isusulat ay naaayon sa tema na ibibigay ng hurado sa araw ng patimpalak: apat na saknong na binubuo ng apat na taludtod na may tugma;
B) Ang mga kalahok ay bibigyan ng isang (1) oras sa pagsusulat ng tula sa umaga ng birtuwal na patimpalak at limang (5) minuto sa pagbigkas ng tula sa hapon ng nasabing patimpalak.
C) Ang lahat ng kalahok ay papasok sa isang online platform na ihahanda at ibibigay ng tagapagdaloy.
D) Pagkatapos ng isang oras ay e-screenshot ng kalahok ang tulang naisulat at isumite sa tagapagdaloy ang nasulat na tula.
E) Ang bawat kalahok ay bibigyan ng limang (5) minuto sa pagbigkas ng tula kasama ang pagpasok at paglabas gamit ang tulang sinulat.
F) Ang kalahok ay magsusuot ng kasuotang Pilipino.

## C. INTERPRETATIBONG PAGBASA

| | | |
|---|---|---|
| **PALIGSAHAN** | **PAMBANSANG TAGISAN NG TALENTO** | |
| **BAITANG NG MAG-AARAL** | **Isang kalahok mula sa bawat Baitang 7, 8, 9 and 10** | |
| **KATEGORYA** | **INTERPRETATIBONG PAGBASA** *(Pagbibigay interpretasyon sa wastong pagbasa ng Talumpati, Monologo, Deklamasyon, Isahan at Sabayang pagbasa ng tula)* | |
| **BAITANG NG KALAHOK** | **Apat (4)** | |
| **ORAS NA INILAAN** | **Dalawampung (20) minuto kasama ang paghahanda at pagtatanghal** | |
| | **Pamantayan** | **Bahagdan** |
| | **Interpretasyon** | **40%** |
| | *Pagpapalutang ng diwa (20%)* | |
| | *Pagbibigay diin sa damdamin (20%)* | |
| | **Hikayat** | **20%** |
| | *Dating sa madla (5%)* | |
| | *Pagbibigay buhay sa tauhan (5%)* | |
| | *Tindig (5%)* | |
| | *Kumpas/Kilos (5%)* | |
| | **Bigkas** | **20%** |

| | | |
|---|---|---|
| | *Malakas at maliwanag (10%)* | |
| | *May pagbubukod- bukod ng mga salita (5%)* | |
| | *May wastong diin at intonasyon (5%)* | |
| | **Tinig** | **10%** |
| | *Lakas (5%)* | |
| | *Taginting (5%)* | |
| | *Kaangkupan ng diwa at damdamin* | **10%** |
| | **Kabuoan** | **100%** |

I. **Patnubay sa Kalahok**

A. Ang piyesa na galing sa tagapag- organisa ay ibibigay dalawang linggo bago ang patimpalak.
B. Isang piyesa lamang ang gagamitin para sa pagbibigay interpretasyon.
C. Malaya ang kalahok na baguhin ang pagkakasunod- sunod ng binabasang piyesa;
D. Dapat angkop ang interpretasyon sa genreng nakasulat sa piyesa.
E. Ang pagtatanghal ay hindi lalampas sa sampung (10) minuto kasama ang pagpasok at paglabas.
F. Walang anumang props o kagamitan, musika at instrumento na dadalhin at gagamitin ang mga kalahok;
G. Iikot ang interpretasyon sa piyesa lamang at walang adlib
H. Ang mga kalahok ay susuot ng kasuotang Pilipino.
I. Irerekord ang pagtatanghal ng mga kalahok gamit ang isang mobile device at ito ay isusumite sa Mayo 21, 2021.

**D. DAGLIANG TALUMPATI**

| **PALIGSAHAN** | **PANSANGAY NA TAGISAN NG TALENTO** | |
|---|---|---|
| **BAITANG NG MAG-AARAL** | **Baitang 11- 12** | |
| **KATEGORYA** | **DAGLIANG TALUMPATI** | |
| **BILANG NG KALAHOK** | **Isa (1)** | |
| **ORAS NA INILAAN** | **Anim (6) na minuto kasama ang paghahanda at pagtatalumpati** | |
| **Batayan ng Kapasyahan** | **Pamantayan** | **Bahagdan** |
| | **Interpretasyon** | **35%** |
| | *Kaugnayan sa paksa (20%)* | |
| | *Pagbibigay diin sa damdamin (15%)* | |
| | **Hikayat** | **25%** |

| | | |
|---|---|---|
| | *Kilos, galaw, kumpas (10%)* | |
| | *Dating sa Madla (5%)* | |
| | *Kakanyahang pantanghalan (5%)* | |
| | *Ekspresyon ng mukha (5%)* | |
| | **Tinig** | **20%** |
| | *Kaangkupan ng diwa at damdamin (10%)* | |
| | *Taginting (5%)* | |
| | *Lakas (5%)* | |
| | **Bigkas** | **20%** |
| | *Matatas at maliwanag (10%)* | |
| | *Wastong pagbubukod ng salita (5%)* | |
| | *Diin/ Indayog (15%)* | |
| | **Kabuoan** | **100%** |

**J. Patnubay sa Kalahok**

A. Ang paksa na manggagaling sa tagapag- organisa ay ibibigay sa takdang oras;
B. Ang kalahok ay bibigyan lamang ng tatlong (3) minutong paghahanda hinggil sa paksang napili habang nagtatalumpati ang sinusundang kalahok;
C. Ang bawat kalahok ay bibigyan ng tatlong minutong paghahanda hinggil sa paksa at dalawa hanggang tatlong minuto naman sa pagtatalumpati;
D. May kabawasang puntos sa kabuuang iskor na labis o kulang sa itinakdang oras ng pagtatalumpati:
1- 30 segundo -.5 puntos
31- 60 segundo - 1 punto
61 segundo- pataas -2 puntos
E. Magbibigay hudyat ang tagapagdaloy ng patimpalak sa pagsisimula, lampas sa takdang oras at tapos na ang itinakdang oras.

## E. DOKYUBATA

| | |
|---|---|
| **PALIGSAHAN** | **PANSANGAY NA TAGISAN NG TALENTO** |
| **BAITANG NG MAG-AARAL** | **Baitang 7- 12** |
| **KATEGORYA** | **DOKYUBATA** |
| **BILANG NG KALAHOK** | **Lima (5)** |
| **ORAS NA INILAAN** | **Limang(5) minutong presentasyon** |

| Batayan ng Kapasyahan | Pamantayan | Bahagdan |
|---|---|---|
| | Storyboard/ Planning | 10% |
| | Time Requirements | 10% |
| | Appropriate Content | 10% |
| | Audio/ Levels | 10% |
| | Images/ Video Quality | 10% |
| | Text Quaity | 10% |
| | Special Effects | 10% |
| | Motion and Timing | 10% |
| | Transition | 10% |
| | Creativity/ Overall Impression | 10% |
| | Kabuoan | 100% |

**K. Patnubay sa Kalahok**

A. Ang timpalak ay bukas para sa baitang 7- 12.
B. Ang paksa ay nakapokus sa human interes, isport at siyensya.
C. Isang pangkat lamang ang kakatawan sa bawat distrito na binubuo ng limang kalahok ( isang narrator, isang script writer, isang researcher, isang editor at isang camera man).
D. Ang opisyal na wikang gagamitin ay Filipino at Ingles. Maaari ring gumamit ng wikang lalawiganin subalit kinakailangang lagyan ng Filipino subtitle upang maunawaan ng manonood ang sinasabi ng nagtatanghal.
E. Ang bawat pangkat ay bibigyan ng limang minuto sa presentasyon.
F. Ang lahat ng entries ay recorded at isusumite sa Google Drive na ibibigay ng tagapagdaloy sa Mayo 17, 2021.